

## **PING, HENERAL NG BAYAN**

Kasunod ng kanyang pagtatapos sa PMA, itinalaga si Lt. Lacson sa Metrocom Intelligence and Security Group simula noong 1971 hanggang 1986, at sa PC-INP Anti-Carnapping Task Force mula 1986 hanggang 1988.

Mula 1989 hanggang 1992, nanilbihan siya bilang commander ng Metropolitan District Command (Metrodiscom) sa Cebu City, at naging adopted son ng siyudad dahil sa kanyang tapat na pagtatrabaho. Maging ang mga opisyal sa Cebu City ay tumutol sa kanyang paglipat sa ibang lugar at ninais ng mga ito na manatili siya sa lungsod.

Sa huling bahagi ng 1992, ipinagkatiwala sa kanya ni dating Bise Presidente Joseph Estrada ang pamumuno sa Task Force Habagat ng Presidential Anti-Crime Commission hanggang 1995. Mula 1996 hanggang 1997, naging Project Officer ng Special Project Alpha si Lacson.

Nanilbihan si Lacson bilang pinuno ng Philippine National Police mula ika-16 ng Nobyembre 1999 hanggang ika-20 ng Enero 2001. Sa ilalim ng kanyang liderato, nakamit ng PNP ang pinakamataas nitong trust at satisfaction rating mula sa publiko.

\*\*\*

### **MGA PAGBOBOMBA**

Mahalaga ang papel ni Lacson sa paglutas ng serye ng pambobomba na nagsimula sa Philippine Plaza Hotel noong 1982, kung saan kasama sa mga namatay ang isang singer. Pagkatapos ng 1986 EDSA Revolution, inatasan siya na sugpuin ang carnapping sa Metro Manila. Narekober niya ang mga sasakyang na-carnap makalipas ang isang taon sa Tanza, Cavite.

\*\*\*

### **ENKWENTRO SA MGA NPA**

Bilang Provincial Commander ng Isabela, sinikap ni Lacson na mapaalis ang mga komunista sa probinsya sa pamamagitan ng mga offensive operations. Mas maraming naresolba ang kanyang grupo kumpara sa mga naka-assign na Philippine Army sa lugar.

Sa isang engkwentro, natunton ni Lacson at ng kanyang mga tauhan ang teritoryo ng NPA, at humingi sila ng karagdagang pwersa mula sa Ilagan. Nguni't tinambangan ng mga NPA ang padating na pwersang ito. Nang nakarating sina Lacson sa lugar kung saan nangyari ang pananambang, namatay na ang isa sa mga tenyente niya.

\*\*\*

## **KALABAN NG LOGGING MAGNATES**

Mula 1988 hanggang 1989, itinalaga si Lacson bilang Provincial Commander ng Isabela kung saan may mga nakabanggaan siyang logging “magnates.”

\*\*\*

## **INARESTO ANG MAYOR**

Ang unang malaking kaso na hinawakan ni Lacson bilang bagong pinuno ng Cebu Metrodiscom noong 1989 ay ang marahas na pagnanakaw ng armadong kalalakihan sa isang bangko. Binisita ni Lacson ang burol ng isa sa mga namatay sa insidente at ipinangako niya sa nanay nito, “Papanagutin natin ang mga pumatay sa inyong mga anak at asawa.” Kasunod nito ay ni-raid niya ang isang gusali at napatay ang mastermind ng krimen.

Sa opisina ng alkalde sa Bantayan Municipal Hall, inaresto niya ang mismong alkalde na may pakana ng naturang pagnanakaw. Kabilang ito sa mga dahilan kung bakit siya nagantimpalaan ng PC Officer of the Year award.

\*\*\*

## **WALANG SINASANTO VS JUETENG**

Mula Pebrero hanggang Hulyo 1992, pinamunuan ni Lacson ang kapulisan sa Laguna kung saan niya tinindigan ang laban para masugpo ang illegal gambling.

Sa simula pa lang kanyang panunungkulan, hinamon niya ang kanyang mga pulis: “Pagka ako, nabalitaan nyo na tumanggap sa jueteng, nariyan yung flagpole. Itali nyo ako ryan, barilin nyo ako.”

Sa kabila nito, nagpadala ng mga emisaryo ang mga jueteng lord kay Lacson kung saan pinangakuan siya na padadalhan ng milyones bilang kapalit ng kanyang pagbulag-bulagan sa ilegal na pagsusugal sa lugar. Nguni’t kahit kailan ay hindi ito pinatulan ni Lacson.

Bilang provincial commander ng Laguna, sinugod niya ang mga lungga ng sugalan at jueteng sa lalawigan. Muli, inalok si Lacson ng P1.2 milyon para tantanan ang mga iligal na sugal, nguni’t tinanggihan niya ito. Dahil dito, naging target siya ng mga serye ng pananakot.

Ang paninindigan ni Lacson laban sa illegal gambling ang naging dahilan din ng hindi nila pagkakaunawaan ng dating Pangulong Estrada.

\*\*\*

## **TARGET NG PAGPASLANG**

Nasa isang restaurant si Lacson sa Laguna kasama ang kanyang mga tauhan, nang may nagtangkang pumatay sa kanya. Mabilis siyang rumesponde rito at naaresto niya ang mastermind sa isang sabungan.

Hindi naging madali ang buhay ni Lacson bilang tagapaglutas ng krimen. "Aside from reprisal from the criminals themselves, my opponents used the incidents to call me names designed to malign my reputation," ani Lacson.

\*\*\*

## **GINIBA ANG MGA KIDNAP-FOR-RANSOM SYNDICATES**

Marami ang namangha sa ipinakita ni Lacson sa kanyang pagpanig sa tama at sa pangunguna nito sa paglutas ng kidnap-for-ransom cases, kabilang na rito ang pag-kidnap kay Robina Gokongwei noong 1981. Si Lacson ang namuno sa grupo na nag-rescue kay Robina at hindi niya tinanggap ang pabuya mula sa pamilya Gokongwei.

Si Robina ang panganay na babaeng anak ng retail magnate na si John Gokongwei Jr. Na-kidnap siya habang papunta siya sa University of the Philippines School of Economics. Humingi ng P7 milyong ransom ang kidnappers ni Robina at napag-alaman na anak pala ng isang judge sa Cebu ang mastermind nito.

Pinuri naman ni Robina ang pagkakasagip sa kanya ni noo'y Lt. Col. Panfilo Lacson makalipas ang pitong araw kasama ang kidnappers. "He [Ping] literally kicked and broke down the door just like you see in the movie."

Isa pa sa mga biktima ng kidnapping na nirescue ni Lacson ay ang siyam na taong gulang na batang lalaki mula sa isang maykayang pamilya sa Cebu. Naibalik ni Lacson ang kanilang anak na nakabalot sa kumot at ligtas mula sa kidnappers.

Bilang paubaya, inalok si Ping ng reward money ngunit hindi niya ito tinanggap dahil aniya, "ginagawa niya lang ang kanyang trabaho."

Hindi rin matatawaran ang mga sinabi ng anti-crime crusader na si Teresita Ang-See tungkol kay Lacson. "Ping had unequivocal support from the Chinese-Filipino businessmen in Metro Manila. He has integrity. He returned ransom money intact. Even if the kidnap victims volunteer to give him money, he refuses."

Noong naging Pangulo si Estrada taong 1998, nanungkulan naman si Lacson bilang pinuno ng Presidential Anti-Organized Crime Task Force kung saan inubos niya ang bilang ng kidnap-for-ransom cases habang patuloy siyang nakikipaglaban sa pagpuslit ng ilegal na droga, smuggling, carnapping, illegal possession of firearms at iba pang karumal-dumal na aktibidad.

\*\*\*

## **CHIEF PNP: INTERNAL CLEANSING**

### **NO-TAKE POLICY**

Bilang pinuno ng PNP, ipinatupad ni Lacson ang “No-Take Policy” kung saan ipinagbawal ang pagtanggap ng protection money mula sa illegal gambling. Dahil dito, nasibak sa serbisyo ang mahigit sa 2,000 pulis.

Ayon kay Teresita Ang-See, ang polisiyang ito ay umani ng suporta sa mga Chinese-Filipino businessmen sa Metro Manila. Aniya: “He has integrity. He returned ransom money intact. Even if the kidnap victims volunteer to give him money, he refuses.”

### **BIDDING PROCESS**

Napalawig din ang no-take policy sa proseso ng bidding kung saan binalaan niya ang mga suppliers na huwag magbigay ng suhol tulad ng libreng kotse at pera para maaprubahan ang kanilang bid. Nagtangka ang ilang suppliers na padadalhan si Lacson ng P10 milyon kada buwan diretso sa kanyang bank account, pero tinanggihan ito ni Lacson.

### **PAGSAULI NG NABAWING CARNAPPED NA SASAKYAN**

Sa simula ng kanyang pamumuno sa PNP noong ika-16 ng Nobyembre 1999, sinikap ni Lacson na ibalik ang tiwala ng publiko sa kapulisan. Dinisiplina niya ang puwersa ng pulis at inangat ang morale ng mga ito sa pamamagitan ng pagtanggap niya sa mga pulis na binansagan niyang ICUs: *Inept, Corrupt, Undisciplined cops*.

Isa sa mga unang direktiba niya bilang PNP Chief ang pagsasauli sa mga narekober na carnapped na sasakyan na ginagamit ng ilan sa mga pulis, pampersonal man o pang-incognito. Wala pang dalawang linggo, naging virtual parking lot ang Camp Crame at kalapit nitong flyover ng mga umabot sa 600 na carnapped na sasakyan, na matagumpay na naisauli sa kanilang tunay na may-ari.

### **LEADERSHIP BY EXAMPLE**

Sa kanyang panunungkulan bilang pinuno ng PNP, pinairal ni Lacson ang leadership by example sa pagpapatupad ng no-take policy at fitness program, at nilinis ang kapulisan sa pamamagitan ng pagsibak sa puwesto ng mga kotong cops--mga dahilan kung bakit nakamit ng PNP ang pinakamataas nitong approval ratings sa kasaysayan.

Si Lacson mismo ang nanguna sa pag-eehersisyo at jogging sa Camp Crame kung saan nagsagawa siya ng personal na inspection sa lahat ng opisina. Hindi rin niya pinahintulutan ang paglalaro ng golf tuwing oras ng trabaho.

### **34-INCH WAISTLINE**

Tinugis din Lacson ang mga PNP personnel na inaabuso ang sports days sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot sa mga ito na pumunta sa golf courses tuwing oras ng trabaho. Sa halip, ipinatupad niya muli ang pagkakaroon ng in-camp sports activities para mahikayat ang pakikisama sa mga kapwa officers.

Binigyan din niya ng deadline ang mga pulis na malalaki ang tiyan na paliitin ang kanilang waistline sa 34 inches.

Dahil dito, nahinto na rin sa pag-inom ang mga pulis na siya namang ipinagbibigay pasalamat ng kanilang mga misis.

### **85-15 FORMULA SA PONDO**

Inilaan ni Lacson ang 85% ng pondo ng PNP para sa operating units para maisaayos ang kabuuang management nito, at tinanggal niya ang mga sobra-sobrang pribilehiyo para sa mga matataas na opisyal ng pulis.

Siniguro rin ni Lacson na ang P100 milyong “reserve” fund para sa PNP Chief ay mapupunta sa healthcare ng mga pulis lalo na sa mga napinsala habang ginagampanan ang kanilang trabaho.

### **BINUWAG ANG KOTONG**

Pinakamahalaga sa lahat, winakasan ni Lacson ang “kotong” na ginagawa ng ilan sa mga pulis kung saan binibiktima ng mga ito ang mga drayber at tindero/tindera ng gulay at bigas. Nawala ang “kotong cops” sa ilalim ng kanyang pamumuno.

### **BINALIK ANG TIWALA SA PNP**

Dahil sa mga mabubuting ginawa ni Lacson bilang PNP Chief, nagawa niyang pataasin ang approval ratings ng institusyon sa 64% noong Hulyo at Oktubre 2000, ang pinakamataas na marka na nakuha ng PNP mula sa publiko. Nakakuha rin si Lacson ng approval rating na +73% bilang Chief PNP noong Hulyo 2000, kasabay ng pagbabalik ng tiwala ng mamamayang Pilipino sa buong kapulisan. [Source: Pulse Asia, May 1999 to October 2000]

\*\*\*\*\*